



Mga Bayad para sa 2020 Coronavirus na Pampasigla ng Ekonomiya

Kunin ang Iyong Pampasiglang Tseke

Karamihan sa mga taga Illinois ay karapat-dapat sa Bayad para sa Epektong Pang-ekonomiya mula sa pederal na pamahalaan. Ang fact sheet na ito ay nagbibigay sa iyo ng impormasyong kailangan mo upang malaman kung paano makuha ang iyong pampasiglang bayad sa lalong madaling panahon.

— Bisitahin ang [GetMyPaymentIL.org](https://www.getmypaymentil.org) upang makita kung karapat-dapat kang makatanggap ng bayad. —

Narito ang kailangan mong gawin:



Kung naihin mo na ang iyong mga buwis at gumamit ka na direktang pagdeposito para sa iyong tax return, tapos ka na! Dapat ay natanggap mo na ang iyong bayad sa iyong account sa bangko. Kung natapos mo na ang iyong mga buwis ngunit hindi ka naglagay ng impormasyon ng bangko, dapat kang makatanggap ng isang tsekeng papel o prepaid na kard sa pamamagitan ng koreo. Maaari mong subaybayan ang iyong bayad sa [IRS.gov/coronavirus/get-my-payment](https://www.irs.gov/coronavirus/get-my-payment). Hihilingin sa iyo ng site na i-click mo ang “okay” upang makumpirmang isa kang awtorisadong gumagamit.



Kung hindi ka pa nagsumite ng mga buwis, huwag kaligtaan. Ang paghain ng iyong mga buwis online para sa 2018 o 2019 ay maglalagay sa iyo sa linya para makuha nang mas mabilis ang iyong tseke. Ang papel na tax return ay hindi ipinoproseso ngayon, kaya ang paghain sa online ang iyong pinakamahusay na mapagpipilian.

Kung nagtrabaho ka ngunit napaka-kaunti ng iyong kinita upang maghain ng mga buwis, maaari ka pa ring maging karapat-dapat para sa mas maraming pera sa pamamagitan ng paghain ng iyong mga buwis. Maraming tao ang karapat-dapat para sa Kredito sa Buwis sa Pinagtrabahuang Kita (Earned Income Tax Credit, EITC) o iba pang mga kredito. Suriin online upang makita kung maaari kang tumanggap ng EITC sa eitcoutreach.org/tax-credits/earned-income-tax-credit/eligibility/.

Kahit na wala kang kita, karapat-dapat ka pa ring tumanggap ng pampasiglang tseke. Maaari mong ilagay ang iyong impormasyon sa pagbabayad sa site ng IRS para sa hindi naghahain sa [irs.gov/coronavirus/non-filers-enter-payment-info-here](https://www.irs.gov/coronavirus/non-filers-enter-payment-info-here).



Kung wala kang account sa bangko, ang paghihintay ng tseke sa pamamagitan ng koreo ay maaaring tumagal ng hanggang limang buwan. Ang paglagay ng numero ng account sa bangko para sa direktang pagdeposito ay makakatulong na mapabilis ang proseso kapag naghain ka ng mga buwis o ginamit ang site ng IRS para sa hindi naghahain. Tingnan ang susunod na pahina para sa karagdagang impormasyon tungkol sa kung paano makakuha ng isang ligtas, abot-kaya na Bank On account.



Kung lumipat ka mula noong huling beses na naghain ka ng buwis noong 2018 o 2019 at wala kang account sa bangko na naka-file sa IRS, i-update ang iyong address sa US Postal Service. Pumunta sa post office upang punan ang isang form ng pagbabago ng address. Ang form ay nasa online din sa [USA.gov/post-office](https://www.usa.gov/post-office).



Kung nakatanggap ka ng Social Security, mga benepisyo ng mga beterano, mga Suplementong Seguridad ng Kita o mga benepisyo sa Railroad Retirement, hindi ka na kinakailangang maghain ng tax return upang makatanggap ng iyong bayad. Dapat mong matanggap ang iyong bayad sa paraang karaniwang tinatanggap mo ang iyong mga benepisyo. Kung mayroon kang mga anak na mas bata sa 17 at hindi mo sila inilagay sa site ng IRS para sa hindi naghahain noong Mayo 5, kailangan mong i-claim ang iyong \$500 na bayad sa dependiente kapag naghain ka ng iyong 2020 tax return.



Kailangan mo ng tulong sa pagsumite ng iyong mga buwis?

Kung kumikita ka ng mas mababa sa \$69,000 sa isang taon, karapat-dapat kang gumamit ng online na software upang ihain ang iyong mga buwis nang libre sa pamamagitan ng IRS Free File program: [IRS.gov/freefile](https://www.irs.gov/freefile).

Maaari kang makakuha pabalik ng pera, kahit na hindi mo kailangang maghain ng tax return. Ang ilang mga tao na hindi kinakailangang maghain ng return ay maaaring maghain upang makakuha ng karagdagang pera sa pamamagitan ng Kredito sa Buwis ng Pinagtrabahuang Kita o iba pang mga kredito.

Maaari kang makahiling ng tulong sa paghahain ng buwis sa pamamagitan ng Ladder Up. Bisitahin ang [GetMyPaymentIL.org/Tax-Help](https://www.getmypaymentil.org/Tax-Help) o tumawag sa Ladder Up sa 312.409.1555 para sa karagdagang impormasyon.



Kunin nang mas mabilis ang iyong bayad sa pamamagitan ng account sa bangko.

Ang account sa bangko o account sa credit union ay magpapahintulot sa iyo na makatanggap ng mga bayad tulad ng mga bayad ng benepisyo, iba pang mahahalagang pondo tulad ng mga tsekeng pampasigla o kahit ang iyong suweldo nang mas ligtas at mabilis sa ginhawa ng iyong sariling tahanan.

Maaari kang makakuha ng isang ligtas, abot-kayang account sa bangko sa pamamagitan ng Bank On Chicago, bahagi ng isang pambansang inisyatibo. Ang Bank On account ay maaaring buksan nang personal sa mga lokasyon ng Bank of America, Chase, Citi, U.S. Bank, o Wells Fargo.

Kailangan mong dalhin:

- Ang isang ID na ibinigay ng estado o lisensya sa pagmamaneho (o Matricula Card para sa ilang mga account)
- Ang iyong Numero sa Social Security (o ITIN para sa ilang mga account)
- Sa ilang mga lokasyon: isang prepaid na debit card o credit card upang makagawa o makatanggap ng mga bayad.
Ang ilang mga bangko ay naghahanap ng prepaid na debit card o credit card upang gawin ang unang pagdeposito. Pinapayagan ng ibang mga bangko ang account na magsimula na tanging ang pampasigla bayad ang laman.

Kung wala kang ID na bigay ng estado, pasaporte, o Matricula card, mangyaring makipag-ugnayan sa Ladder Up sa debitcard@goladderup.org o tumawag sa 888.553.9777 upang talakayin ang iba pang mga pagpipilian.

Alamin ang iba pa sa [GetMyPaymentIL.org/Banking-Help](https://www.getmypaymentil.org/Banking-Help).



Mag-ingat sa coronavirus at mga scam sa buwis.

Ang IRS, Administrasyon ng Panlipunang Serbisyo, o US Treasury ay hindi tatawag o mag-aalok sa email ng mga gawad o mga Bayad para sa Pang-ekonomiyang Epekto bilang kapalit ng personal na impormasyon, isang paunang bayad, o mga gift card. Ang IRS ay hindi kailanman magbabanta na magpatupad ng batas nang walang apela. Huwag buksan ang mga sorpresang email na nangangako ng espesyal na impormasyon tungkol sa tsekeng pampasigla o mga Bayad sa Pang-ekonomiyang Epekto. Dagdagan ang nalalaman tungkol sa mga karaniwang scam sa [IRS.gov/newsroom/tax-scams-consumer-alerts](https://www.irs.gov/newsroom/tax-scams-consumer-alerts).

May mga katanungan tungkol sa iyong tsekeng pampasigla?

Narito kami upang tumulong.

Tawagan kami sa 888.553.9777 (available sa Ingles at Espanyol) o mag-email help@getmypaymentil.org.



Mga Madalas na Itanong

- **Karapat-dapat ba akong makatanggap ng tsekeng pampasigla?** Ang karamihan sa mga Illinoisan ay karapat-dapat na makatanggap ng tsekeng pampasigla. Para matanggap ang buong bayad, dapat kang kumita ng mas mababa sa \$75,000 para sa mga solong naghahain ng buwis, \$112,500 para sa mga pinuno ng sambahayan na naghahain, at \$150,000 para sa mga may-asawang naghahain nang magkasama. Kung ikaw ang dependiente sa ibang tao, hindi ka karapat-dapat.

Sa kasamaang palad, kung ang sinumang nasa tax return ay walang balidong Numero ng Social Security, walang sinuman sa pamilya ang kwalipikado. Bisitahin ang pahina ng sanggunian para sa COVID ng ICIRR para sa karagdagang tulong: [ICIRR.org/immigrant-community-resources](https://www.icirr.org/immigrant-community-resources).

- **Magkano ang perang makukuha ko?** Kung kwalipikado ka para sa pampasiglang bayad, makakakuha ka ng hanggang \$1,200 para sa iyong sarili (\$2,400 para sa mag-asawa). Makakakuha ka ng karagdagang \$500 para sa bawat karapat-dapat na dependiente na mas bata sa edad na 17.
- **Kailan ko makukuha ang bayad?** Inilalabas ng gobyerno ang bayad nang mabilis hangga't maaari. Ang mga taong mayroon nang naihain sa file ng IRS na impormasyon ng account sa bangko ang pinakamabilis na makatanggap ng bayad. Ang mga naipadala sa koreo na mga tsekeng papel ay maaaring tumagal ng hanggang limang buwan bago makarating.

Ang ilang mga tao ay makatanggap ng isang prepaid na debit card mula sa gobyerno. Huwag itong itapon! Dagdagan ang nalalaman tungkol sa kung paano ito i-activate sa [consumerfinance.gov/about-us/blog/economic-impact-payment-prepaid-card](https://www.consumerfinance.gov/about-us/blog/economic-impact-payment-prepaid-card).

Maaari mo ring subaybayan ang katayuan ng iyong bayad sa [IRS.gov/coronavirus/get-my-payment](https://www.irs.gov/coronavirus/get-my-payment). Hihilingin sa iyo ng site na i-click mo ang "okay" upang makumpirmang isa kang awtorisadong gumagamit. Maaaring kailanganin mo itong suriin bawat 24 na oras.

- **Paano ko makukuha ang aking bayad?** Gagamit ang IRS ng impormasyon mula sa iyong 2019 o 2018 na tax return upang makalkula ang halaga ng iyong bayad. Ang mga bayad ay idedeposito nang direkta sa parehong account ng bangko na ginamit para sa iyong tax return. Ang IRS ay magpapadala ng isang tsekeng papel o prepaid na debit card sa mga naghahain ng buwis na hindi nagbigay ng numero ng account ng bangko nang naghain sila ng mga buwis.
- **Paano kung naipadala ang aking bayad sa maling account ng bangko?** Kung sarado ang account, tatanggihan ng bangko ang bayad. Ang IRS ay magpapadala ng isang tsekeng papel sa pinakahuling address na mayroon sila sa file.
- **Paano kung wala akong kita?** Kwalipikado ka pa rin para sa bayad. Ngunit kung hindi ka naghain ng mga buwis sa nakaraang dalawang taon, kailangan mong magparehistro sa site ng IRS para sa hindi naghain sa [IRS.gov/coronavirus/non-filers-enter-payment-info-here](https://www.irs.gov/coronavirus/non-filers-enter-payment-info-here).
- **Paano kung nagbabayad ako ng suporta sa bata? Makatanggap ba ako ng bayad?** Maaari ka pa ring makatanggap ng bayad, gayunpaman, ang utang na suporta sa bata ay kukunin mula sa iyong bayad.
- **Makakaapekto ba ito sa aking mga pampublikong benepisyo, tulad ng mga stamp ng pagkain o TANF?** Hindi. Tulad ng anumang tax refund, hindi ibibilang ang mga bayad na ito sa iyong pagiging karapat-dapat para sa pagtanggap ng mga pampublikong benepisyo. Hindi rin makakaapekto ang bayad sa mga halaga ng iyong benepisyo.
- **Paano kung ako ay nabilanggo o nakakulong ako ngayon?** Ang mga indibidwal na kasalukuyang nakakulong ay hindi karapat-dapat para sa mga tsekeng pampasigla. Ngunit, maaari ka pa ring makatanggap ng bayad kung dati kang nakakulong. Kung naghain ka ng buwis noong 2018 o 2019, mayroon kang Numero ng Social Security, at ang iyong kita ay nasa ibaba ng mga alituntunin, makatanggap ka ng bayad.
- **Narapat ba ang mga mag-aaral sa kolehiyo?** Kung dumadalo ka nang full-time sa kolehiyo, wala pang 24, at nakatanggap ng malaking suporta mula sa iyong mga magulang, malamang na ituturing kang dependiente. Ang mga mag-aaral na iyon ay hindi makatanggap ng tseke. Ang mga full-time na mag-aaral na sumasagot sa higit sa kalahati ng kanilang sariling pinansyal na suporta ay karapat-dapat. Kung naging independiente ka noong 2020, maaari mong i-claim ang iyong bayad kapag naghain ka ng iyong 2020 tax return.
- **Paano kung napakababa ang aking pampasiglang bayad?** Ang iyong bayad ay maaaring maging masyadong mababa kung hindi sinasalamin ng iyong pinakahuling tax return ang iyong kasalukuyang sitwasyon. Gayundin, ang mga dependiente ay dapat na wala pang 17 at nakakatugon sa iba pang mga kwalipikasyon upang maging karapat-dapat para sa bayad na \$500. Kung sa palagay mo ay masyadong mababa ang iyong bayad, maaari mong i-claim ang natitira sa iyong 2020 na mga buwis. Ang karagdagang impormasyon ay makikita sa [IRS.gov/newsroom/why-the-economic-impact-payment-amount-could-be-different-than-anticipated](https://www.irs.gov/newsroom/why-the-economic-impact-payment-amount-could-be-different-than-anticipated).



Site ng IRS para sa Hindi Naghain Ang Kailangan Mong Ihanda

Maaaring gamitin ng ilang mga tao ang site ng IRS para sa hindi naghain upang mag-sign up para sa kanilang tsekeng pampasigla. Halimbawa, kung wala kang kita at hindi tumatanggap ng mga benepisyo ng Social Security, SSI, Railroad Retirement, o mga benepisyo ng mga beterano, ang site ng hindi naghain ay isang mahusay na pagpipilian para sa iyo. Kung ikaw ay may napakababang kita, hindi kailangang maghain ng mga buwis, at hindi karapat-dapat para sa anumang mga kredito sa buwis, maaari mo ring gamitin ang site ng IRS para sa hindi naghain. Upang malaman ang higit pa tungkol sa kung dapat ka bang maghain ng mga buwis upang makakuha ng karagdangang pera o kung dapat mong gamitin website para sa hindi naghain, bisitahin ang [GetMyPaymentIL.org/Tax-Help](https://www.getmypaymentil.org/tax-help).

Ang mga hindi naghain ng buwis ay maaaring mag-sign up para sa mga tsekeng pampasigla [IRS.gov/coronavirus/non-filers-enter-payment-info-here](https://www.irs.gov/coronavirus/non-filers-enter-payment-info-here). Bago ka pumunta sa website, ihanda ang mga sumusunod na item.



- Buong pangalan
- Petsa ng kapanganakan
- Balidong Numero ng Social Security
- Kasalukuyang address para sa koreo
- Email address o isang cell phone kung saan ay maaari kang makatanggap ng mga text
- Kung may taong maaaring magsabi na ikaw ay isang dependiente (oo o hindi)
- Kung mayroon, lisensya sa pagmamaneho o numero ng ID ng Estado, petsa ng pagbibigay at petsa ng pagpagpaso
- Numero ng Personal na Pagkakakilanlan para sa Proteksyon ng Pagkakakilanlan (IP PIN) na natanggap mo mula sa IRS sa maagang bahagi ng taong ito, kung mayroon ka. Ang IP PIN na ito ay dapat naipadala sa isang liham mula sa IRS.*
- Kung mayroon, Iniangkop na Gross na Kita mula sa 2018 (\$0 kung hindi ka naghain ng 2018 na return) o 5-digit na Signature na numero ng PIN mula sa iyong 2018 tax return.



- Paraan upang matanggap ang iyong pera:
 - » Account sa bangko at mga numero ng routing
 - » Prepaid na account ng debit card at mga numero ng routing, o
 - » Address para sa koreo upang matanggap ang tsekeng papel (Tandaan: Maaaring kailanganin mong maghintay ng hanggang limang buwan para sa isang tsekeng papel)
- Opsyonal:** Maaaring hilingin sa iyo na kumpirmahin mo ang mga halaga ng mga nakaraang utang upang maberipika ang iyong pagkakakilanlan.



Para sa bawat dependienteng bata na sinusuportahan mo na wala pang edad na 17:

- Pangalan
- Numero ng Social Security o Numero ng Pagkakakilanlan ng Adopsyon na Nagbabayad ng Buwis
- Kaugnayan sa iyo o sa iyong asawa